REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-130

KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG ANG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NG PAGSUPORTA AT PANINIWALA SA KATAPATAN AT KAKAYAHAN SA PANUNUNGKULAN NI KGG. CARLOS G. DOMINGUEZ BILANG KALIHIM NG KAGAWARAN NG PAGKAIN AT PAGSASAKA.

---

SAPAGKAT, ang kakayahang mamumuno, dedikasyon, katapatan at kasipagan na ipinamalas ni Kgg. Carlos G. Dominguez sa Kagawaran ng Pagkain at Pagsasaka bilang Kalihim dito ay mahirap tawaran at ipagwalang bahala lamang;

SAPAGKAT, ang maayos na pamamalakad at kaunlarang tinatamasa ngayon ng bansa sa pagsasaka/agrikultura ay bunga ng masinop at magaling na pagsubaybay at pamamahala ng Kagawaran ng Pagkain at Pagsasaka sa ilalim ng pamumuno ni Kalihim Dominguez;

SAPAGKAT, maging ang larangan ng Kooperatibismo sa bansa ay umaani at bumubunga ng tagumpay at kaayusan sa kasalukuyan na pinamamahalaan at sinusubaybayan ng Kagawaran;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na magbigay ng kanilang pagsuporta at ihayag ang paniniwala sa katapatan, kasipagan at kakayahan ni Kgg. Carlos G. Dominguez at pinagpasiyahan pang muli na hilingin sa Pangulong Corazon C. Aquino na mapanatili siyang Kalihim ng Kagawaran ng Pagkain at Pagsasaka upang maipagpatuloy nito ang magandang nasimulan na at gagawin pa para sa kapakinabangan ng buong bansa.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang-walumpu't limang (85th) regular na pulong na ginanap noong ika-12 ng Disyembre, 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

Kgg. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

G. RAUL R. CORRO
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY: Disyembre 12, 1989